## Mga alituntunin tungkol sa sexual na pag-kilos ng mga humanitarian workers

Ang mga humanitarian workers ay maaaring disiplinahin – maging tanggalin sa trabaho – para sa hindi katanggap-tanggap na pag-uugaling may kaugnayang sekswal sa mga tao o komunidad na tinitulungan. Ito ang mga tuntunin na dapat nilang sundin:

- **Hindi pinapahintulutan** ang mga humanitarian worker **na magkaroon ng relasyong sekswal sa kahit sinong mas bata sa edad na 18**, kahit pa ito ay legàl sa kani-kanilang bansa. Ang pagsasabing hindi alam ang tunay na edad ng isang tao ay hindi sapat na dahilan.
- Ang mga humanitarian workers ay hindi pinapahintulutang **magbayad ng pakikipagtalik gamit ang pera, trabaho, kalakal o serbisyo** -- kabilang ang mga kalakal at serbisyong nakalaan bilang tulong para sa mga taong nangangailangan. Ipinagbabawal ang pangangako ng mga bagay na ito upang pilitin ang isang tao na tanggapin ang anumang kilos na maaaring makapanghiya o makapagsamantala. Kasama na rito ang pagbayad o pag-alok ng pera para makipag-sex.
- Ang mga humanitarian workers ay may impluwensiya sa kung sino ang tumatanggap ng mga kalakal at serbisyo. Ito ay naglalagay sa kanila sa isang posisyon ng kapangyarihan na may kaugnayan sa mga taong nangangailangan ng tulong. Sila ang nakikipag-ugnayan sa mga tao na nangangailangan ng tulong. Sa kadahilanang ito, **mahigpit na hinihikayat** ng mga organisasyong nagbibigay ng tulong an**g kanilang mga tauhan (kawani) na huwag magkaroon ng mga relasyong sekswal sa sinumang apektado ng kalamidad o disaster**. Ang mga ganitong relasyon ay nakapagbibigay ng negatibong imahe sa katapatan at kredibilidad ng pagtulong ng organisasyong at mga kawani nito. Maaaring tingnan na walang katapatan at hindi pagkakatiwalaan ang mga organisasyon na gumagawa nito maging ang tulong na binigay. Nakakasira din ito sa integridad ng ibang organisasyon at humanitarian workers na tapat na tumulong.
- Kung **nag-aalala o naghihinala** ang isang humanitarian worker na mayroong sinuman sa kanilang organisasyon o sa iba pang samahan na maaaring lumalabag sa alituntunin sa sexual na pagkilos, **nararapat itong** isumbong ng naayon sa **mga patakarang** itinatag ng kanilang organisasyon.
- **Hinihikayat ang mga humanitarian workers na gumawa at magpanatili ng kulturang pumipigil sa hindi katanggap-tanggap na sekswal na pagkilos at kumilos ng naaayon sa Code of Conduct. Dapat ang kultura na di tanggap ang kilos sexual at sumusunod sa code of conduct ang mananatili sa** mga humanitarian workers. **Lahat ng tagapamahala ay may pananagutan** sa pagtataguyod at pagpapaunlad itaguyod at ipaunlad ang mga ng sistemang nagpapanatili sa kulturang ito.

Makukuha dito ang mga prinsipyo ng IASC tungkol sa sexual na pagsasamantala at pag-aabuso:
http://www.pseataskforce.org/uploads/tools/sixcoreprinciplesrelatingtosea_iasc_english.doc.

Binuo ang pinagaang salin na ito sa pakikipagtulungan kasama ng IASC Task Team on Accountability to Affected Populations and Protection from Sexual Exploitation and Abuse at ng Translators without Borders.